

## Team JOY sa QC, kumpleto na ang line-up

Dinagsa ng mga kandidato na nagnanais tumakbo sa 2019 polls ang tanggapan ng Commission on Election (COMELEC) sa Quezon City sa huling araw ng filing ng certificate of candidacy (COC) kahapon.

Sinamahan at sinuportahan ni QC Vice Mayor **Joy Belmonte** ang mga kakanidatong konsehal sa lungsod mula sa District 1 hanggang district 6 na naghain ng kanilang COC sa ilalim ng

'Team JOY'.

"Kumpleto na kami, nag-file na lahat ng mga kasama ko sa line-up dito sa QC, handa na kami for elections at may mga plans and programs na kami para sa kapakanan ng mga taga-lungsod", pahayag ni Belmonte.

Sinuportahan din ni Belmonte ang mga tatakbo sa congressional seat sa QC na si Councilor **Beth Delarmente** na tatakbong Rep. ng District 1, Councilor **Precious**

**Hipolito** tatakbong Rep. sa District 2, kumakandidato sa pagka-kongresista sa District 4 si dating Councilor Bong Suntay, District 5 tatakbo ulit sa pagka-kongresista si Rep. **Alfred Vargas** at District 6 si incumbent Rep. Kit Belmonte.

Una nang naghain ng kandidatura noong unang araw ng filing sina Belmonte na tatakbo bilang Mayor at ang ka-tandem nito na si Councilor **Gian Sotto** sa pagka-Vice Mayor. *(Angie dela Cruz)*